



Kahilingan para sa Panrelihiyon na Exemption para sa mga Mag-aaral: Bakuna Laban sa COVID-19

Ang form na ito ay para humingi ng exemption sa bakuna laban sa COVID-19 batay sa mga taos-pusong paniniwala o gawi na panrelihiyon para sa mga mag-aaral ng SMCCCD (Cañada College, College of San Mateo, Skyline College).

Pangalan:

G#:

Kolehiyo:

Address:

Email ng Mag-aaral sa SMCCCD:

Telepono:

Alternatibong Email:

SEKSYON 1: Kahilingan para sa Exemption

Nabasa ko at naunawaan ang rekisito ng patakaran ng Distrito na mabakunahan ang lahat ng mag-aaral laban sa COVID-19 upang makatanggap ng pagtuturo at mga serbisyo sa personal. Mayroon akong taos-pusong paniniwala at/o gawi na panrelihiyon. Ang kahilingan ko para sa exemption na ito ay batay sa taos-pusong paniniwalang ito at/o gawi na panrelihiyon. Nauunawaan ko na maaaring hindi ipagkaloob ang exemption na ito. Susubukan ng Distrito na magbigay ng makatuwirang akomodasyon na hindi lilikha ng hindi nararapat na paghihirap sa Distrito. Nauunawaan ko na maaaring humiling ang Distrito ng mga sumusuportang dokumentasyon tungkol sa aking taos-pusong paniniwala at/o gawing panrelihiyon upang higit na pag-aralan ang aking kahilingan para sa isang exemption na panrelihiyon.

Sa patlang sa ibaba, pakisama ang karagdagang konteksto o detalye tungkol sa iyong taos-pusong paniniwala o gawi na panrelihiyon. Mangyaring magbigay ng sapat na impormasyon tungkol sa iyong taos-pusong paniniwala upang mapahintulutan ang komprehensibong pag-unawa ng kahilingang ito. Gagamitin ang impormasyong ito upang pag-aralan ang iyong kahilingan para sa isang exemption mula sa pagbabakuna (maaaring maglakip ng karagdagang pahina kung kinakailangan).

SEKSYON 2: Pagkumpirma

Pakilagyan ng initial sa tabi ng bawat isa sa mga pahayag sa ibaba:

	Humihiling ako ng exemption mula sa pagbabakuna laban sa COVID-19 dahil sa aking taos-pusong paniniwala/gawi na panrelihiyon. Nauunawaan ko at tinatanggap ang mga panganib ng hindi pagbabakuna. Tinatanggap ko ang buong pananagutan para sa aking kalusugan, na siyang nagtatanggal ng pananagutan mula sa SMCCCD para sa kinakailangang pagbabakuna.
	Hindi ako bakunado. Nauunawaan ko na upang protektahan ang sarili kong kalusugan at kalusugan ng komunidad, susunod ako sa mga nakatalagang rekisito sa pagpapa-test sa COVID-19 at iba pang rekisito para sa pag-iwas sa sakit para sa mga hindi nabakunahang indibidwal kasama ang, ngunit hindi limitado sa, pagsusuot ng mga pantakip sa mukha.
	Nauunawaan ko na kung sakaling magkaroon ng paglaganap ng sakit (o maaaring paglaganap), maaari akong pansamantalang hindi isama sa paggamit ng mga pasilidad ng SMCCCD at mga aprubadong aktibidad sa lugar nito. Sumasang-ayon akong sumunod sa mga paghihigpit na ito at tinatanggap ang responsibilidad na makipag-ugnay sa kawani ng kolehiyo tulad ng naaangkop upang mapanatili ang pagtalima sa mga rekisito sa kalusugan at kaligtasan para sa mga hindi bakunadong indibidwal.
	<u>Kaagad</u> kong iulat sa COVID-19 Health Officer (CHO) kung magkaroon ako ng COVID-19. Susunod din ako sa lahat ng patakaran sa pagbubukod ng sarili (isolation) at pag-quarantine na itinakda ng Distrito at ng County ng San Mateo. Aalisin ko rin ang aking sarili mula sa pagmamay-ari ng distrito kung sinabihang gawin ito.
	Kinukumpirma ko na nabasa ko ang Impormasyon tungkol sa Bakuna Laban sa COVID-19 ng CDC (CDC COVID-19 Vaccine Information).
	Nauunawaan at sumasang-ayon ako na sumunod sa lahat ng patakaran at pamamaraan ng Distrito kaugnay ng COVID-19.
	Nauunawaan ko na ang exemption na ito ay may bisa lang habang ipinapatupad ang patakaran ng Distrito sa pagbabakuna laban sa COVID-19. Maaaring kailanganin kong magsumite ng isang bagong kahilingan para sa anumang kasunod na pagbabago, o sa pagkawalang-bisa ng anumang aprubadong exemption. Nauunawaan ko rin na ang pag-apruba ay batay sa kasalukuyang patakaran sa pagbabakuna at maaaring magbago batay sa mga kinakailangan ng Distrito.
	Pinapatunayan ko na ang impormasyong ibinigay ko kaugnay ng kahilingang ito ay tumpak at kumpleto sa petsa ng pagsusumiteng ito. Nauunawaan ko na ang exemption na ito ay maaaring bawiin at maaari akong mapailalim sa pagdidisiplinang aksyon kung alinman sa impormasyong ibinigay ko sa exemption form na ito ay napag-alamang hindi totoo.

Pangalan: _____
(paki-print ang iyong buong pangalan)

Lagda: _____ Petsa: _____

Paki-upload ang lahat ng nakumpletong form sa paghiling ng exemption at lahat ng kinakailangang dokumentasyon sa link ng Distrito sa Form sa Paghiling ng Exemption sa Pagbabakuna Laban sa COVID-19 na matatagpuan sa Websmart Student Portal:

<https://phx-ban-ssb8.smccd.edu/>